## Ikalimang Baitang
### KATUTUBONG SINING

*Sa modyul na ito, inaasahang maipagmamalaki mo ang katutubong sining (folk art) at matutukoy ang mga ito na pinagyaman ng tribung etniko.*

### PAG-ARALAN MO

Isa sa mga pamana ng lahi ng ating bansa ay ang katutubong sining (folk art). Ang katutubong sining ay likha ng kahit aling pangkat pangkat ng mga tao sa iba't ibang lugar sa bansa. Sila ay sanay at dalubhasa sa paggawa ng mga bagay na kawili-wili at hinahangaan o kinaluluguran, hindi lang nating mga Pilipino, kundi mga dayuhan. Marami sa mga katutubong sining ay gawa ng pangkat-etniko gaya ng Maranao at T'boli ng Mindanao; mga Igorot at Ifugao sa Cordillera, at iba pa. Isa sa mga katutubong sining na pinagyaman ng mga tribung-etniko ay ang mga inuukit o nilililok na kahoy. Ang katutubong disenyo ng paglililok sa Maranao ay tinatawag na *okir* at sa Sulu ay *ukkil*. Ang pinakatanyag na disenyong okir na inukit sa kahoy ay ang sari-manok, naga at ang pako rabong. Laganap naman sa mga Igorot ang *bulul* o pigurang anito, ang *kinabbigat, tattagu, binabbuy,* at iba pa. Tanyag din ang mga santo sa Paete, Laguna. Ang Paete ay isang bayan sa Laguna na kilala sa rebulto ng mga santo na sinlalaki ng tao. Dito matatagpuan ang lahat ng uri ng santo na masinop na nililok at pinalamutian.

Pagmasdan ang mga inukit o nililok na mga bagay ng mga tribung etniko. Pansinin ang pagkakagawa.

Eskultor na nililok sa kahoy





Palamuting ipinipinta sa dyipni

May mga katutubong sining na gawa rin sa Bulacan at Quezon. Ang paglalagay ng palamuting pinta sa mga dyipni na may pambihirang palamuti na kakaiba at makukulay ang gayak nito.

Marami sa mga katutubong sining na ginagawa ngayon ay gawa ng mga dalubhasa noong unang panahon. Ito ay kanilang ipinamana sa kanilang salinlahi.

Ang ating bansa ay nakikilala dahil sa ating katutubong sining. Ang mga ito ay bahagi na ng ating kulturang Pilipino na dapat nating ipagmalaki at pagyamanin.

Kaya mo bang gumuhit ng isang bagay na halimbawa ng katutubong sining?

## PAGSANAYAN MO

Bilang pagpapahalaga sa mga katutubong sining na likha ng ating mga katutubo at malikhaing manggagawa o tribong etniko, gumuhit ka ng isa o dalawang katutubong sining. Pansinin mo ang mga katutubong sining na napag-aralan mo.

Mga kagamitan: papel, lapis, krayola o watercolor

Sa isang papel, iguhit ang napili mong bagay. Kulayan mo ito kung kinakailangan na katulad ng mga kulay na ginagamit nila. Ipakita sa iyong guro ang natapos na gawa at idikit sa paskilan.






## GAWIN MO


Gumupit ng isang larawan o postcard ng katutubong sining. Idikit ito sa isang malinis na papel. Ilarawan kung paano ito ginawa, anong katutubong tribo ang gumawa, saan ito nagsisimula o matatagpuan, anong materyal ang ginamit at paano ito mapapahalagahan.

Gumuhit ng larawan ng katutubong kagamitan na makikita sa sariling bayan.



## TANDAAN MO

Ang katutubong sining (folk art) ay mga bagay na likha ng kahit aling pangkat ng tao na mga sanay at malikhaing manggagawa o tribung etniko. Ang pangkat ng mga Pilipino o tribong etniko na nakilala sa kanilang kakayahan sa pag-ukit o paglilok ng kahoy ay ang mga Ifugao, Maranao at mga taga Paete, Laguna.



## ISAPUSO MO

Gumawa ng isang "slogan" kung paano mapapahalagahan ang mga katutubong sining. Maaari itong ipaskil sa loob o labas ng silid-aralan.



## PAGTATAYA

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang katutubong sining?
2. Magbigay ng mga halimbawa ng katutubong sining.
3. Paano mo mapapahalagahan ang pamana ng sining sa paglinang sa pambansang pagkakakilanlan at pagkakaisa?



Binabati kita sa matagumpay mong pagkatuto, at dahil natapos mo nang maayos ang lahat ng gawain ng Modyul…Congratulations!